CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Agosto 5, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Mga Aplikasyon para sa Pagsisimula Muli na Pondo Para sa Maliliit na Negosyo ng Lungsod ng Long Beach

Long Beach, CA - Ang mga aplikasyon at mga materyales ay makikita para sa isang programa sa tulong para sa maliliit na negosyo upang magbigay ng ginhawa sa mga kwalipikadong negosyo na nakatamo ng pinsala sa ari-arian at pagkawalang ng imbentaryo noong Mayo 31, 2020.

“Ipinangako namin na tulungan ang bawat negosyo na na-vandalize o nanakawan at nangangailangan ng tulong,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang Rebuild Long Beach Relief Fund ay idinisenyo upang matulungan ang mga negosyong nangangailangan ng pinansyal na suporta upang makabawi.”

Pinangangasiwaan ng Kagawarang ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya, ang Small Business Restart Grant Program (SBR Grant) ay ginawang parte ng Rebuild Long Beach Fund. Ang mga aplikante ay maaaring maging kwalipikado ng hanggang $10,000 ng pagpopondo sa SBR Grant.

Maaaring magamit ang pondo ng SBR Grant sa mga sumusunod na layunin:

- Pagpapalit ng nawalang imbentaryo
- Pag-aayos ng panlabas at interior ng isang negosyo
- Pagpapalit ng nawalang kagamitan
- Pag-aayos ng nasira na kagamitan
- Pagbabayad ng mga deductible sa pagkagambala ng seguro sa negosyo
- Kapital sa trabaho upang magpatuloy ang mga operasyon

Ang SBR Grant Program ay magagamit sa isang unang-darating, unang-paglilingkuran na batayan. Matapos makumpleto ang Business Damage Assessment Form, kokontakin ang mga opereytor ng negosyo upang makatanggap ng mga tagubiling kung paano mag-aplay. Ang gawad na grant ay batay sa suportang dokumentasyon na ibinigay ng mga aplikante na maaaring magpatunay ng lawak ng mga pinsala na natanggap noong Mayo 31, 2020.

Ang mga may-ari ng negosyo ay maaaring tumawag sa Long Beach Business Hotline, 562.570.4BIZ (4249) mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., tuwing Lunes hanggang Biyernes para sa mga katanungan. Ang tulong para sa mga aplikasyon sa personal ay magagamit sa labas ng City Hall Plaza (411 W. Ocean Blvd.) mula 8 a.m. hanggang tanghali tuwing Martes at mula tanghali hanggang 4 p.m. tuwing Miyerkules hanggang sa ika-29 ng Septiyembre 2020. Walang kinakailangang appointment, ngunit upang masiguro ang isang oras na appointment na may interpretasyon sa wika, ang mga aplikante ay kailangang mag-email sa 4biz@longbeach.gov at isama ang kanilang oras at kagustuhang wika.

Noong Martes, Agosto 4, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang $1 milyon upang matulungan ang mga maliliit na negosyo sa Long Beach na naapektuhan noong Mayo 31, 2020. Pinagsama sa ibang mapagkukunan ng pondo, isang total na $1.25 milyon sa mga grant na pondo ang ginawang posible magamit.

Para sa pinakabagong impormasyong sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###